

INTERSECT

QUICK FACTS

VOL. V NO. 2
MAYO 2018

CHECKS AND BALANCES SA SALIGANG BATAS NG 1987:

PANANGGALANG LABAN SA PANINIIL

Tinuturing ng ilang maalam sa pulitika at sa batas na mabuti ang ginawa ni Pangulong Duterte na pagpapasimula ng seryosong pagtalakay sa usapin ng federalismo bilang porma ng pamahalaan na, ayon sa ilan, angkop sa kalagayan at mga pangangailangan ng Pilipinas. Para sa PDP-Laban Federalism Institute, ang pagkakaluklok kay Pangulong Duterte at sa kanyang partido, ang PDP-Laban, ay nagbigay sa bansa ng pambihirang pagkakataon upang maipakilala ang malalim at malawak na pagbabago sa sistema ng pamahalaan, kasabay ng ibang pagbabagong konstitusyonal (Malaya 2018, p. 218).

May kasabihang hitik ng mabubuting layunin ang daan ng masama. Kung totoo man ito, tila nagkalat sa daan tungo sa rebolusyonaryong pagbabago sa pamamagitan ng federalismo ang mga labi ng mga nawasak na mga demokratikong institusyon. Ganito ang masisipat sa ilang panukalang pagbabago sa Saligang Batas ng 1987 ng mga kaalyado ng pangulo sa Mababang Kapulungan ng Kongreso. Maaaring malagay sa alanganin ang prinsipyo ng paghihiwalay ng kapangyarihan ng mga sangay ng pamahalaan (o *separation of powers*) at ang sistema ng *checks and balances*.

Inilalatag sa isyung ito ng *Intersect Quick Facts* kung paanong ang Saligang Batas ng 1987 ay nagsisilbing pananggalang laban sa mapaniil na pamamahala sa pamamagitan ng pagtiyak na wala sa alinmang sangay ng pamahalaan ang labis na makapangyarihan sa iba at hindi mapananagot. Inilalahad rin nito ang mga panukalang amyenda sa kasalukuyan nating Konstitusyon na maaaring magpahina sa mga mahahalagang pananggalang laban sa anumang banta sa ating demokrasya.

SINALIKSIK NI
Marvee Anne M. Ramos

PINAMATNUGUTAN NI
Anna Marie A. Karaos

IDINISENYO NI
Gerald M. Nicolas

PAGHIHIWALAY NG MGA KAPANGYARIHAN

Hinahati ng Saligang Batas ng 1987 ang pamahalaan sa tatlong sangay at binibigyan ang bawat isa nito ng partikular at tukoy na kapangyarihan. Sinisiguro ng paghihiwalay ng mga kapangyarihan na walang sangay ng pamahalaan na labis ang kapangyarihan at hindi napapanagot.



LEHISLATURANG SANGAY (ANG KAGAWARANG TAGAPAGBATAS)

Nakasaad sa Artikulo VI, Seksyon 1 ng Saligang Batas ng 1987: "Dapat masalalay sa isang Kongreso ng Pilipinas ang kapangyarihang Tagapagbatas, na dapat na binubuo ng isang Senado at isang Kapulungan ng mga Kinatawan, maliban sa lawak na inilaan sa mga taongbayan ng tadhana tungkol sa pagpapatuina at reperendum."

Kongreso lamang ang may kapangyarihang gumawa ng mga batas at magpahayag ng pag-iral ng kalagayang digmaan. May kakayahan din itong pagtibayin o tanggiin ang mga hinirang (o *appointees*) ng pangulo. Maari rin itong magsagawa ng mga imbestigasyon bilang tulong sa paggawa ng mga batas.



EHEKUTIBONG SANGAY (ANG KAGAWARANG TAGAPAGPAGANAP)

Nakasaad sa Artikulo VII, Seksyon 1: "Ang kapangyarihang tagapagpaganap ay dapat masalalay sa isang Pangulo ng Pilipinas." Siya ang naghihirang sa "mga puno ng mga kagawarang tagapagpaganap, mga ambassador, iba pang mga pambayang minister at konsul, o mga pinuno ng sandatahang lakas mula sa ranggong kolonel o kapitan ng hukbong pandagat at iba pang mga pinuno na ang mga paghirang ay nakasalalay sa kanya sa Konstitusyong ito."

Pinangasiwaan ng pangulo ang mga kagawaran, kawanihan, at tanggapan sa ilalim ng ehekutibong sangay. Siya rin ang nagsisilbing *Commander-in-Chief* ng lahat ng mga sandatahang lakas ng Pilipinas.



HUDIKATURANG SANGAY (ANG KAGAWARANG PANGHUKUMAN)

Nakasaad sa Artikulo VIII, Seksyon 1: "Dapat masalalay ang kapangyarihang panghukuman sa isang Kataas-taasang Hukuman at sa mga nakabababang hukuman na maaring itatag ng batas. Saklaw ng kapangyarihang panghukuman ang tungkulin ng mga hukuman na ayusin ang nangyayaring mga sigalot na humantong sa kawalan o kalabisan sa hurisdiksyon sa panig ng alin mang sangay o instrumentalidad ng pamahalaan."

MGA BANTA SA PAGHIHIWALAY NG KAPANGYARIHAN

Nililimitahan ng dalawang panukalang amyenda sa Saligang Batas ng 1987 ng *House Committee on Constitutional Amendments* ang saklaw ng kapangyarihan ng hudikatura, at nagpapanukala ng isang ehekutibong may malaking kontrol sa mga hukuman.

ANO ANG NASA KONSTITUSYON?

Artikulo VIII. Seksyon 1. “Saklaw ng kapangyarihang panghukuman ang tungkulin ng mga hukuman ng katarungan na ayusin ang nangyayaring mga sigalot na kinasasangkutan ng mga karapatang nararapat hingin at ipatupad nang naaayon sa batas at pasyahan kung mayroon o walang naganap na malubhang pagsasamantala sa diskresyon na humantong sa kawalan o kalabisan sa hurisdiksyon sa panig ng alin mang sangay o instrumentalidad ng pamahalaan.”

ANO ANG IPINAPANUKALA?

Sa ilalim ng panukala, ang pangungusap na ito ay magiging: “Saklaw ng kapangyarihang panghukuman ang tungkulin ng mga hukuman ng katarungan na ayusin ang nangyayaring mga sigalot na kinakasangkutan ng mga karapatang nararapat hingin at ipatupad nang naaayon sa batas.”

BAKIT ITO NAKABABAHALA?

Sa pag-alis sa kapangyarihan ng hudikaturang pagpasyahan kung umabuso ang isang sangay o instrumentalidad ng pamahalaan, ang mga isyung katulad ng pagdedeklara ng batas militar ay magiging “political question” o pulitikal na tanong na lamang.

ANO ANG NASA KONSTITUSYON?

Artikulo VIII. Seksyon 8. “Nililikha sa pamamagitan nito ang isang *Judicial and Bar Council* sa pangangasiwa ng Kataas-taasang Hukuman na binubuo ng Punong Mahistrado bilang Tagapangulo *ex-officio*, ng Minister ng Katarungan at ang kinatawan ng Kongreso bilang mga kagawad *ex-officio*, ng isang kinatawan ng *integrated bar*, ng isang propesor ng batas, ng isang retiradong kagawad ng Kataas-taasang Hukuman at ng isang kinatawan ng pribadong sektor.

... Ang *Council* ay dapat magtaglay ng pangunahing tungkulin na magtagubilin ng mga hihirangin ng hukuman. Ito ay maaaring gumanap ng iba pang mga gawain at tungkulin na maaaring iatas ng Kataas-taasang Hukuman.”

ANO ANG IPINAPANUKALA?

Inalis ang bahaging ito sa panukalang amyenda ng *subcommittee 1* ng *Committee on Constitutional Amendments*. Sa halip na isang *council* na pinangangasiwaan ng Punong Mahistrado, ang Punong Ministro o *Prime Minister* ay magmumungkahi ng mga kandidato sa pagkamahistrado at, nang may pagpayag ng *Commission on Appointments*, magtatalaga ng Punong Mahistrado at kasapi ng Korte Suprema at ng *Constitutional Court*, ng mga mabababang hukuman, ng Ombudsman at kanyang mga *deputies* o kinatawan, at ng pinuno at kasapi ng mga *constitutional commissions*.

BAKIT ITO NAKABABAHALA?

Katwiran ng mga nagpanukala, paraan daw ito upang tiyaking walang pamumulitika sa pagpili at pagtatalaga ng mga kagawad ng mga mataas na hukuman, problemang anila’y nakikita sa kasalukuyang JBC. Ngunit, hindi garantiyang magiging patas at hindi mapupolitika ang proseso kung ibibigay ang kapangyarihang ito sa iisang tao, at malamang magbunga pa nga ito ng *patronage politics*.

BAKIT KAILANGAN NATIN NG “CHECKS AND BALANCES” SA PAMAHALAAN?

Katuwang ng prinsipyo ng *separation of powers*, ang sistema ng *checks and balances* ay nagtitiyak na ang tatlong sangay ng pamahalaan ay hindi nagkakanya-kanya dahil sa magkakaiba nilang kapangyarihan. Nakatadhana ito sa ating Konstitusyon upang tiyaking magtutulungan ang mga sangay ng pamahalaan at wala sa kanila ang gumaganap sa kanilang tungkulin nang lampas sa kapangyarihang itinalaga sa kanila ng Saligang Batas (Relacion at Magalzo 2014, p. 40).

Ipinapalagay ng mga kritikong ang sistema ng checks and balances sa Pilipinas ay hindi lubusang naisasakatuparan dahil sa labis na kapangyarihan ng ehekutibo—tinatawag itong “hyperpresidentialism” (p. 41). Ngunit, kung ang *hyperpresidentialism* ang bunga ng *political patronage* at ng pangulong may labis na kapangyarihan, ang Saligang Batas nga ba ang kailangang palitan o ang kulturang pampolitika na sumisira at nagpapahina sa mga institusyong itinatag ng Konstitusyon upang mapanagot ang mga namamahala sa atin?

LEHISLATURA

Gumagawa ng mga batas at nagpapasá ng pambansang badyet



Mga Panuri sa Ehekutibong Sangay

- maaring ipawalambisa ang pagbeto (*veto*) ng pangulo ng panukalang batas
- kinukumpirma ang mga hinirang na opisyal sa ehekutibo
- maaring lumitis at patalsikin ang pangulo sa pamamagitan ng *impeachment*
- naglalaan ng badyet
- pinagtitiyab ang mga kasunduan o *treaties*

Mga Panuri sa Hudikaturang Sangay

- maaring litisin at patalsikin ang mga hukom ng Kataas-taasang Hukuman
- maaring magmumungkahi ng mga amyenda sa batas upang mapawalambisa ang mga desisyon ng hudikatura



Noong 2012, ang dating Punong Mahistradong si Renato Corona ang kauna-unahang miyembro ng Kataas-taasang Hukuman na nilitis at pinatalsik mula sa kanyang katungkulan. Pinatalsik siya dahil sa kabiguang ipakita nang matapat ang kanyang yaman sa kanyang *Statement of Assets, Liabilities, and Net worth* (SALN).

Bineto ni Pangulong Duterte ang ilang probisyon ng *Tax Reform for Acceleration and Inclusion Act* (TRAIN), tulad ng pagtatalaga sa karagdagang *tobacco tax revenues* na hahantong, ayon sa kanya, sa pagkakabawas ng bahaging ilalaan sa sektor pangkalusugan sa iminumungkahing alokasyon.

Mga Panuri o checks sa Lehislaturang Sangay

- maaring magmumungkahi o bumeto (*veto*) ng mga panukalang batas
- maaring magpatawag ng *special session* sa Kongreso upang tumalakay at magpasa ng mahalagang batas

Mga Panuri sa Hudikaturang Sangay

- maghirang ng mga hukom
- maaring magkaloob ng pagpapatawad (o *pardon*) sa mga nagkasala sa batas

Sa mga akusasyong katiwalian at *maladministration*, nai-impeach ng Mababang Kapulungan ng Kongreso si dating Pangulong Joseph Estrada noong Nobyembre 2000, at ipinadala ang *articles of impeachment* sa Senado. Ngunit bago pa matapos ang paglilitis, napilitang bumaba sa puwesto si Estrada dahil sa EDSA 2 noong Enero 2001.

Mga Panuri sa Lehislaturang Sangay

- maaring ideklarang labag sa Saligang Batas ang mga gawain ng Kongreso

EHEKUTIBO

Nagpapatupad ng mga batas at nagmumungkahi ng mga bagong batas



Noong Hulyo 2014, idineklara ng Kataas-taasang Hukuman na labag sa Saligang Batas ang mga partikular na “acts and practices” sa ilalim ng Disbursement Acceleration Program (DAP) ng administrasyong Aquino. Kabilang rito ay ang paglilipat ng pondo mula sa ehekutibong sangay upang gamitin para sa mga proyekto ng mga ahensiya sa ilalalim ng ibang sangay ng pamahalaan. Nilalayan ng DAP na mapabilis ang paggasta ng pamahalaan ng badyet na inilaan ng Kongreso.

Mga Panuri sa Ehekutibong Sangay

- maaring ideklarang labag sa Saligang Batas ang mga gawain at pasya ng ehekutibo



HUDIKATURA

Nagsusuri, naglilina, at nagpapaliwanag ng mga batas, at nagpapataw ng kaparusahan sa mga lumalabag rito

IBA PANG MGA KONSTITUSYONAL NA LUPON

Nililikha ng Saligang Batas ng 1987 ang mga independyenteng konstitusyonal na lupon (*constitutional bodies*) upang palakasin ang sistema ng *checks and balances* sa pamahalaan sa pamamagitan ng pagtitiyak na malaya ang mga institusyong inaasahang susuri sa iba pang mga institusyon. Ayon nga kay Associate Justice Antonio Carpio (2012, p.9) “*The constitutional meaning of independence is only that of independent decision-making that is free from partisanship and political pressures.*”



COMMISSION ON HUMAN RIGHTS (CHR)

Itinatag noong Mayo 5, 1987 sa pamamagitan ng Executive Order No. 163, ang Komisyon sa mga Karapatang Pantao ang nagsisiyasat ng mga paglabag sa mga karapatang sibil at pulitikal, nagtatakda ng mga hakbanging naayon sa batas para sa pangangalaga ng mga karapatang pantao ng mga Pilipino (naninirahan dito sa Pilipinas at sa ibang bansa), at tinitiyak na tumatalima ang pamahalaan sa mga pananagutan nito sa mga pandaigdigang kasunduan hinggil sa mga karapatang pantao. Pinoprotektahan din ng Komisyon mula sa posibleng pag-uusig ang mga saksing may mahalagang impormasyon o ebidensyang may kaugnayan sa mga kasong sinisiyasat ng Komisyon.

Ang Komisyon ay walang hurisdiksyon at kapangyarihang maghukom, o kapangyarihang maglitis at magpasya ukol sa mga tukoy na uri ng mga kaso tulad ng paglabag sa mga karapatang pantaong may kinalaman sa karapatang sibil o pulitikal (Supreme Court of the Philippines 1991).



OFFICE OF THE OMBUDSMAN

Ang Tanggapan ng Tanging Tagausig, na pinamumunuan ng Ombudsman, ang nagsasagawa ng mga pagsisiyasat sa mga reklamang isinampa laban sa mga kawani ng pamahalaan upang maiwasan at maisaayos ang anumang pang-aabuso o hindi kawastuan sa pagtupad nila sa kanilang tungkulin. Naghahain din ito ng mga hakbangin upang mapagting ang kahusayan, katapatan, at sistema ng pagpapanaot ng pamahalaan.



COMMISSION ON AUDIT (COA)

Ang COA ang nagsusuri ng lahat ng mga kwenta o *accounts* na nauukol sa tinanggap at kinita, mga paggastos o paggamit ng pondo at ari-arian ng pamahalaan; at naglalabas ng taunang ulat tungkol sa mga ito. Sinusuri nito ang mga pinansyal na transakyon upang matiyak na ginagawa ang mga ito ayon sa mga alituntunin. Nagmumungkahi din ang Komisyon ng mga hakbangin sa Kongreso upang mapahusay ang pamamalacad ng pamahalaan.



COMMISSION ON ELECTIONS (COMELEC)

Ang COMELEC, bilang tagapamahala ng proseso ng halalan, ang nangangasiwa sa pagsasagawa ng regular at espesyal na halalan sa bansa, at nagtitiyak na malaya, patas, at malinis ang mga ito. Ito rin ang nagpapasya kapag may pagkuwestiyon sa kinalabasan ng halalan, at nagmumungkahi sa Kongreso ng mga panukala upang mapahusay ang proseso ng halalan.



CIVIL SERVICE COMMISSION (CSC)

Bilang pangunahing ahensiyang nangangasiwa sa mga kawani ng pamahalaan, ang CSC ang nagtatakda ng mga hakbangin upang masigurong ang burokrasya ng pamahalaan ay mahusay na gumagana, nagpapakita ng katapatan at pagpapanaot sa lahat ng pagkakataon, at may mga kawaning iginagalang dahil sa kanilang integridad at mga kakayahan. Ito rin ang tumutukoy sa mga kwalipikasyon para sa mga posisyon, at sumusubaybay sa pagganap ng mga kawani ng pamahalaan ng kanilang tungkulin.

"SWABENG" PAGKAMKAM NG KAPANGYARIHAN?

Noong Enero 2018, inilabas ng *House Committee on Constitutional Amendments*, na binubuo ng apat na subcommittee na naatasang repasuhin ang Saligang Batas ng 1987, ang buod ng mga pangunahing pagbabago sa panukalang Konstitusyon para sa isang federal na sistema ng pamahalaan. Hindi pa isinasapubliko ang buong *draft*, ngunit sinasabi sa buod na kasama sa mga pinag-aralan ng mga mambabatas ang panukala ng PDP-Laban Federalism Institute at ang *Resolution of Both Houses No. 8*. Gayunpaman, ipinahihiwatig ng mga *transitory provisions* o mga probisyong susundin sa pagtawid tungo sa bagong sistema ang ilang banta sa *checks and balances* bago pa man tayo maging isang federal na bansa.



Mula sa panahong napagtibay ang bagong Konstitusyon hanggang sa unang halalan sa 2022, ang kasalukuyang pangulo—si Pangulong Duterte—ay bibigyan ng kapangyarihan bilang Pangulo (pinuno ng estado) at bilang Punong Ministro (pinuno ng pamahalaan).

Ilalagay nito ang buong lehislatura, na dapat kapaantay ng, ngunit independiyente mula sa, ibang sangay, sa ilalim ng impluwensiya at kontrol ng pangulo. Dahil may "*super majority*" sa Mababang Kapulungan ng Kongreso at Senado na sumusuporta sa pangulo at mananatili silang kasapi ng *interim Parliament* hanggang sa halalan sa 2022, anumang batas na nais ng isang makapangyarihang tao o grupo—kabilang ang pag-amyenda sa ipatutupad na *Federal Constitution*—ay madaling maipapas nang walang malalim na pagsisiyasat at masinsing pagsusuri.



Hindi naglagay ang mga kongresistang nagsusulong ng pagbabago sa Konstitusyon ng anumang probisyong hindi nagpapahintulot sa nakaupong pangulo na tumakbong muli sa halalan at lumampas sa anim na taong terminong minandato ng kasalukuyang Saligang Batas. Para kay Propesor Gene Lacza Pilapil ng Unibersidad ng Pilipinas (UP), ang hindi tahasang pag-obliga sa nakaupong opisyal na bumaba sa puwesto matapos ang kanyang termino ay "swabeng" pagkamdang ng kapangyarihan, katulad ng ginawa ng mga diktador na sina Hugo Chavez ng Venezuela, Alberto Fujimori ng Peru, at Ferdinand Marcos ng Pilipinas na nilabag ang kanilang *term limit* sa pamamagitan ng pagbabago ng Saligang Batas.

Panukalang *transitory provisions* ng *House Committee on Constitutional Amendments* (mula sa "*Sub-Committee 1: Salient Features of the Proposed Federal Constitution of the Philippines from the Review of Articles VI, VII and X of the 1987 Constitution*")

- Gaganapin ang unang halalan sa ilalim ng Konstitusyong ito sa ikalawang Lunes ng Mayo 2022.
- Kasunod ng pagpapatibay ng Konstitusyong ito, ang kasalukuyang Kongreso ay bubuwagin. Papalitan ang Senado at ang Mababang Kapulungan ng Kongreso ng *interim Parliament* na kaagad iiral at mananatili hanggang mahalal at manungkulan ang mga miyembro ng *regular Parliament*.
- Ang mga miyembro ng *interim Parliament* ay ang mga kasalukuyang miyembro ng Senado at Mababang Kapulungan ng Kongreso at, nang may pagtatalaga ng Pangulo, ng mga miyembro ng gabinete na may tiyak na katungkulan o *portfolio*.
- Ang *interim Prime Minister* ay mahahalal sa pamamagitan ng mayoryang boto ng lahat ng miyembro ng Parliamento. Magiging miyembro siya ng gabinete.
- Ang kasalukuyang Pangulo ay may kapangyarihan at tungkulin ng pinuno ng estado (*head of state*) at pinuno ng pamahalaan (*head of government*) sa ilalim ng Federal na Konstitusyon na ito hanggang sa maihalal ang susunod na Pangulo at *Prime Minister* sa Mayo 2022. Itatalaga niya ang bagong gabinete mula sa mga miyembro ng Parliamento. Pangasisiwaan at pamamahalaan niya ang *interim Prime Minister* at ang gabinete.
- Ang unang regulár na halalan para sa Pangulo ng Federal na Republika ng Pilipinas ay isasagawa sa ikalawang Lunes ng Mayo 2022. Ihahalal siya ng taumbayan at manunungkulan sa loob ng limang (5) taon.
- Ang Ikalawang Pangulo ay mananatili sa kanyang puwesto at manunungkulan hanggang 2022 alinsunod sa Saligang Batas ng 1987.
- Ang mga puwestong nakalaan sa mga kinatawag *party-list* ay pupunan sa pamamagitan ng halalan alinsunod sa *Republic Act No. 7941* o ang *Party-list System* para sa pambansang halalan sa Mayo 2022. Pagkatapos niyon, magpapasa ng batas patungkol sa *party-list* o *sectoral representation* sa ilalim ng Konstitusyong ito.

NAKASASALAY ANG DEMOKRASYA SA MGA MAMAMAYANG MULÁT. MALIBAN SA PAGBOTO, TUNGKULIN NG BAWAT ISA ANG ALAMIN AT UNAWAIN KUNG PAANO GUMAGANA ANG PAMAHALAAN AT ANO ANG KAPANGYARIHANG TAGLAY NG BAWAT SANGAY NITO. SA HULI, ANG MGA MAMAMAYAN ANG PINAKAMABISANG PANANGGALANG LABAN SA MAPANG-ABUSONG PAMAHALAAN.

MGA SANGGUNIAN

Carpio, Antonio. 2012. Concurring Opinion on G.R. No. 196232 and G.R. No. 196231. 4 September. http://sc.judiciary.gov.ph/jurisprudence/2012/september2012/196231_carpio.pdf, accessed 10 May 2018.

Malaya, Jonathan. 2018. Executive Summary: The PDP Laban Model of PH Federalism 1.0. In *The Quest for a Federal Republic: The PDP-Laban Model of Philippine Federalism 1.0*, ed. Jonathan Malaya, 217-27. Quezon City: Rex Book Store.

Philippine Congress. House of Representatives (HOR). Committee on Constitutional Amendments – Sub-Committee 1. 2018. Salient Features: The Proposed Draft Constitution of the Federal Republic of the Philippines on the Form & Structure of Government, States and Local Governance. Quezon City: HOR. https://www.scribd.com/document/369859650/Sub-Committee-1-Salient-Features-of-the-Proposed-Federal-Constitution-of-the-Philippines-from-the-Review-of-Articles-VI-VII-and-X-of-the-1987-Constitution#fullscreen&from_embed, accessed 1 March 2018.

Philippine Congress. House of Representatives (HOR). Committee on Constitutional Amendments – Sub-Committee 2. 2018. Salient Features of Proposed Amendments to Articles III, IV,

V, VIII, IX and XVII of the 1987 Constitution. Quezon City: HOR. https://www.scribd.com/document/369859651/Sub-Committee-2-Salient-Features-of-the-Proposed-Federal-Constitution-of-the-Philippines-from-the-Review-of-Articles-III-IV-V-VIII-IX-and-XVII-of-fullscreen&from_embed, accessed 1 March 2018.

Pilapil, Gene Lacza. 2018. Suspending elections involves shameless power grab. *Rappler*, 27 March. <https://www.rappler.com/thought-leaders/198702-no-elections-power-grab>, accessed 10 May 2018.

Relacion, April Farell and Grace Magalzo. 2014. System of Checks and balance in the Philippine Presidential Form of Government. In *Multidisciplinary Studies* 3 (2): 39-65. <http://multidisciplinaryjournal.com/pdf/System.pdf>, accessed 10 May 2017.

Supreme Court of the Philippines. 1991. Hon. Isidro Cariño, Dr. Erlinda Lolarga vs The Commission on Human Rights, et al., GR No. 96681, 2 December 2 1991. https://www.lawphil.net/judjuris/juri1991/dec1991/gr_96681_1991.html#fnt, accessed 5 May 2018.



JOHN J. CARROLL INSTITUTE ON CHURCH AND SOCIAL ISSUES

The present moment is crucial. The work to be done is urgent.

2/F BENIGNO MAYO HALL
SOCIAL DEVELOPMENT COMPLEX
ATENEO DE MANILA UNIVERSITY
LOYOLA HEIGHTS
QUEZON CITY

EMAIL jjicisi@gmail.com
TEL (632) 426.6001 ext. 4655 to 4668
FAX (632) 426.6070
WEB www.jjicisi.org.ph
FACEBOOK www.facebook.com/JJICISI